Sineserbisyuhang Lugar: Corporate Business Services	**MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG YALE NEW HAVEN HEALTH SYSTEM**
Pamagat: Patakaran ng Financial Assistance Programs	
Petsa ng Pag-apruba: 09/20/2013	**Inaprubahan ng:** Boards of Trustees Senior Vice President, Finance
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 09/20/2013 1/1/2017 Lawrence + Memorial Hospital at Westerly Hospital	**Petsa ng Pagsusuri/Pagbabago:** 01/21//2015, 09/30/2016, 12/16/2016, 6/1/2017, 7/15/18
Pamamahagi: Policy Manager ng MCN	**Uri ng Patakaran (I o II):** Uri I
Pamalit sa: Financial Assistance Programs para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Yale New Haven Hospital (NC:F-4) Financial Assistance Programs para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Bridgeport Hospital (9-13) Pangkalahatang-ideya ng Financial Assistance Programs para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Greenwich Hospital Patakaran sa Libreng Pangangalaga, Pinansyal na Tulong, Libreng Bed Fund ng Lawrence + Memorial Hospital at Westerly Hospital	

LAYUNIN

Kinikilala ng Yale New Haven Health System ("YNHHS") na maaaring hindi makapagbayad ang mga pasyente ng pangangalagang pangkalusugan na medikal na kinakailangan nang walang pinansyal na tulong. Alinsunod sa misyon nito, layunin ng YNHHS na tiyaking isasaalang-alang ang kakayahang magbayad ng isang tao sa pagtatakda ng mga halagang babayaran para sa mga serbisyong pang-emergency at iba pang serbisyo ng ospital na medikal na kinakailangan.

Bilang karagdagan sa misyon nito, binuo ng YNHHS ang Financial Assistance Programs ("FAP") upang tumulong sa mga indibidwal sa pagbabayad para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan. Layunin ng FAP na:

(i) Tukuyin ang lahat ng magagamit na pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP;

(ii) Magbigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa pamantayan sa pagiging kwalipikado, kinakailangan sa aplikasyon at paraan ng pag-apply para sa pinansyal na tulong;

(iii) Ilarawan ang batayan sa pagkalkula ng mga halagang sisingilin sa mga pasyenteng kwalipikado

sa FAP para sa pangangalagang pang-emergency o iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan; at

(iv) Ilarawan ang mga pamamaraang isinasagawa ng mga ospital ng YNHHS upang lubos na ipabatid ang FAP na ito sa mga komunidad na sineserbisyuhan ng YNHHS.

PAGIGING NALALAPAT

Nalalapat ang patakarang ito sa bawat lisensyadong ospital na nauugnay sa YNHHS, kasama ang Bridgeport Hospital ("BH"), Greenwich Hospital ("GH"), Lawrence + Memorial Hospital ("LMH"), Yale New Haven Hospital ("YNHH") at Westerly Hospital ("WH") (na babanggitin dito bilang "Ospital").

PATAKARAN

I. Saklaw at Listahan ng Mga Provider

A. **Pangangalagang Pang-emergency at Iba Pang Pangangalagang Medikal na Kinakailangan**. Nalalapat ang FAP sa pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan, kasama ang mga serbisyo sa inpatient at outpatient, na sinisingil ng isang Ospital. Hindi kasama sa FAP ang: (a) mga nurse para sa pribadong kwarto o private duty nurse (mga personal at pribadong nurse); (b) mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan, gaya ng di-sapilitang cosmetic surgery; (c) iba pang bayarin para sa di-sapilitang kagamitan, gaya ng mga singilin sa TV o telepono, at (d) iba pang diskwento o bawas sa mga singilin na hindi hayagang inilalarawan sa patakarang ito.

B. **Listahan ng Provider**. Makakakita rito ng isang listahan ng mga provider na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan sa isang Ospital:
https://www.ynhh.org/~/media/files/ynhhs/forms/financial/011117/ynhh_fap_policy_list_2017.pdf
Nakasaad sa listahan kung napapailalim ba sa FAP ang isang provider. Kung hindi sinasaklaw ng FAP na ito ang isang provider, dapat makipag-ugnayan ang mga pasyente sa tanggapan ng provider upang malaman kung nag-aalok ba ng pinansyal na tulong ang naturang provider at matukoy kung ano ba ang sinasaklaw ng pinansyal na tulong ng provider, kung mayroon.

C. **Pagsunod sa EMTALA**. Ang mga Ospital ay kinakailangang sumunod sa Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (EMTALA) alinsunod sa kanilang mga patakaran at ipinagbabawal din ang pakikilahok sa mga aktibidad na magpapahina sa loob ng indibidwal nahumingi ng emerhensiyang medikal na pangangalaga.

II. Financial Assistance Programs at Pagiging Kwalipikado

Maaaring makakuha ng pinansyal na tulong ang mga mamamayan ng U.S. at ang mga nakatira sa ibang bansa na sasagot sa kinakailangang aplikasyon para sa pinansyal na tulong at makakatugon sa mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado na inilalarawan sa ibaba.

A. **Libreng Pangangalaga.** Ang programa para sa Libreng Pangangalaga ay nagbibigay ng libreng pangangalaga sa mga pasyente ng Ospital na may taunang kita ng pamilya na mas mababa sa 250% ng Federal Poverty Guidelines (Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan) o katumbas nito (*tingnan ang* Kalakip 1). Ang sinumang pasyenteng maaaring kwalipikado ayon sa pagpapasya ng Ospital para sa medikal na tulong ng Estado ay kailangang makakuha pagpapasya ng Estado, sa loob ng anim na buwan.

   Bukod pa rito, ang YNHHS sa ngalan ng BH, GH, at YNHH ay gumagamit ng isang third party na tool para sa pagsuri na tutulong sa pagtukoy ng mga indibidwal na may mga balanseng hindi pa nabayaran na hindi nakapag-apply para sa pinansyal na tulong, ngunit kumikita nang mas mababa sa 250% ng Federal Poverty Level (Pederal na Antas ng Kahirapan) o katumbas nito (*ibig sabihin*, kwalipikado para sa libreng pangangalaga). Maaaring iangkop sa pinamurang (libreng) pangangalaga ang mga hindi pa nabayarang balanse sa ospital ng isang matutukoy na pasyente sa pamamagitan ng prosesong ito.

B. **Pinamurang Pangangalaga.** Kung walang insurance ang isang pasyente ng Ospital at ang kanyang taunang kita ng pamilya ay nasa pagitan ng 251% - 550% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, gagawing mura ng Ospital ang pangangalaga alinsunod sa AGB ng Ospital (ayon sa tinukoy sa Seksyon III sa ibaba sa Kalakip 1).

C. **Mga Bed Fund ng Ospital.** Maaaring kwalipikado kang makatanggap ng pinansyal na tulong mula sa mga bed fund ng ospital, na mga pondong ibinigay sa Ospital upang makapagbigay ng medikal na pangangalaga sa mga pasyente sa isang ospital. Walang partikular na limitasyon sa kita para sa pagtanggap ng mga bed fund ng ospital. Tinutukoy ng mga fund nominator ang pagiging kwalipikado sa bawat sitwasyon batay sa kahirapan. Ang lahat ng pasyenteng sasagot sa kinakailangang aplikasyon sa pinansyal na tulong ay awtomatikong isasaalang-alang para sa mga bed fund ng ospital.

D. **Iba Pang Financial Assistance program na Partikular sa Ospital.**

   (i) **Yale New Haven Hospital Me at My Baby Program**. Ang programang ito ay magagamit ng mga pasyente ng Yale New Haven Hospital. Mayroon itong mga libreng serbisyo bago manganak, habang nanganganak, at ilang libreng pangangalaga pagkatapos manganak. Maaari kang maging kwalipikado kung nakatira ka sa New Haven County, wala kang anumang uri ng insurance na pangkalusugan at kumikita ang iyong pamilya nang 2 ½ beses na mas maliit kaysa sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Para sa higit pang impormasyon o upang humiling ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa aming mga kinatawan sa Women's Center ng Yale New Haven Hospital o tumawag sa 203-688-5470.

   (ii) Sineserbisyuhan ng **Greenwich Hospital Outpatient Clinic** ang mga pasyenteng may insurance sa Medicare, Medicaid, o mga insurance na inaalok sa pamamagitan ng Access Health CT at ang kita ng pamilya ay 4 na beses na mas maliit kaysa sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Bukod pa rito, nagbibigay ang klinika ng pinamurang pangangalaga sa mga indibidwal na hindi kwalipikado para sa insurance at nakatira sa

Greenwich at ang kita ng pamilya ay 4 na beses na mas maliit kaysa sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Para sa higit pang impormasyon o upang kumuha ng aplikasyon, mangyaring tumawag sa 203-863-3334.

III. Limitasyon sa Mga Singilin - Mga Halagang Sinisingil sa Mga Pasyenteng Kwalipikado sa FAP

Kung hindi mababayaran ng pinansyal na tulong ang 100% ng mga singilin ng YNHHS para sa isang serbisyo, ang mga halagang sisingilin sa mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito ay hindi lalampas sa mga halagang karaniwang sinisingil ng isang Ospital sa mga pasyenteng may saklaw sa insurance para sa ganoong pangangalaga ("AGB"). Taunang kinakalkula ng YNHHS ang AGB ayon sa Ospital gamit ang "look back method" nang nakabatay sa mga fee-for-service rate ng Medicare, kasama ang mga halaga ng bahagi sa gastusin ng benepisyaryo ng Medicare at lahat ng pribadong insurer ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa bawat pasilidad ng Ospital para sa nakaarang taon ng pananalapi. Maaaring ilapat ng YNHHS ang diskwento ayon sa Ospital, o maaari nitong gamitin ang diskwentong pinakamakakatulong sa mga pasyente ng YNHHS. Makikita ang AGB sa Kalakip 1.

Nakasaad ang mga pagpapakahulugan ng "halagang karaniwang sinisingil" at "look back method" sa Internal Revenue Code §501(r)(5) at1.501(r)-5.

IV. Paraan ng Pag-apply para sa Tulong

Upang maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong, dapat sagutan ng pasyente ang kinakailangang aplikasyon para sa pinansyal na tulong ("Aplikasyon"). Makikita sa Aplikasyon ang (i) mga magagamit na programa at kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng FAP, (ii) ang kinakailangang dokumentasyon para sa mga pagtukoy ng pagiging kwalipikado, at (iii) ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tulong ng FAP. Nakasaad din sa Aplikasyon na (i) tutugon ang Ospital sa bawat Aplikasyon sa pamamagitan ng pagsulat, (ii) maaaring muling mag-apply ang mga pasyente para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP anumang oras, at (iii) mga karagdagang libreng bed fund na nagiging available bawat taon. Hindi maaaring tanggihan ng mga ospital ang pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP kung hindi makakapagbigay ang isang tao ng impormasyon o mga dokumento na hindi hinihingi ng FAP o ng Aplikasyon bilang bahagi ng Aplikasyon.

Gagawin ng mga YNHHS Hospital ang lahat ng makakaya nito upang matukoy kung kwalipikado ba ang isang tao at madokumento ang anumang pagpapasya tungkol sa pagiging kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa mga naaangkop na utang ng pasyente. Kapag natukoy na ng Ospital na kwalipikado sa FAP ang isang pasyente, gagawin ng Ospital ang sumusunod:

(i) Magbibigay ito ng isang billing statement kung saan nakasaad ang dapat bayaran ng indibidwal bilang isang pasyenteng kwalipikado sa FAP, kasama ang paraan ng naging pagtukoy sa halaga, makikita o inilalarawan din dito kung paano makakakuha ang indibidwal ng impormasyon tungkol sa AGB para sa pangangalaga;

(ii) Ire-refund nito sa indibidwal ang anumang halagang kanyang ibinayad para sa pangangalaga

na sumobra sa halagang kailangan niyang bayaran bilang isang indibidwal na kwalipikado sa FAP, maliban na lang kung wala pang $5, o hindi pa umaabot sa ibang halagang itinakda ng IRS ang sumobrang halaga; at

(iii) Magsasagawa ito ng mga makatuwirang hakbang upang baguhin ang anumang hindi pangkaraniwang pagsingil.

V. Hindi Pagbabayad – Legal na Pagkilos

Hindi makikibahagi ang isang Ospital (at anumang ahensya ng pagsingil o iba pang partido na naniningil ng utang) sa anumang hindi pangkaraniwang pagsingil (extraordinary collection action o "ECA") bago ang 120 araw matapos ang pagpapalabas ng unang resibo bago ang pagpapauwi para sa pangangalaga at bago ito magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang matukoy kung kwalipikado ba ang isang pasyente o sinumang indibidwal na kailangang magbayad ng utang ((Mga) Responsableng Indibidwal) para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito. Ang anumang ECA ay dapat maaprubahan ng Vice President ng Corporate Business Services o ng kanyang (mga)itinalaga na magkukumpirma bago ang pagpapatibay na ang mga kinakailangang makatwirang pagsisikap sa FAP ay natugunan.

Susundin ng Ospital ang A/R cycle nito sa pagsingil alinsunod sa mga sarili nitong proseso at kasanayan sa pagpapatakbo. Bilang bahagi ng mga nabanggit na proseso at kasanayan, aabisuhan ng Ospital, kung naaangkop, ang mga pasyente tungkol sa FAP nito mula sa petsa ng pagbibigay ng pangangalaga hanggang sa matapos ang A/R na cycle ng pagsingil (o sa loob ng panahong iniaatas ng batas, alinman doon ang mas matagal) sa ganitong paraan:

1. Aalukin ang lahat ng pasyente ng isang simpleng nakasaling buod at isang application form para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP, bilang bahagi ng pagpapalabas o pagpasok sa Ospital.

2. Magpapadala ng hindi kukulang sa tatlong magkakahiwalay na statement para sa pagsingil ng mga utang sa huling alam na address ng pasyente at iba pang (mga) Responsableng Indibidwal sa pamamagitan ng koreo o email; basta't wala nang iba pang statement na kailangang ipadala kapag nakapagsumite na ang (Mga) Responsableng Indibidwal ng isang nasagutan nang aplikasyon para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP o nakapagbayad na siya/sila nang buo. Dapat ay hindi kukulang sa 60 araw ang pagitan ng una at huli sa tatlong kinakailangang mailing. Obligasyon ng (Mga) Responsableng Indibidwal na magbigay ng wastong mailing address sa panahon ng serbisyo o pagkatapos niya/nilang lumipat. Kung walang wastong address ang isang utang, isasaad na mayroon nang ginawang "Makatuwirang Hakbang" para dito. Ang lahat ng account statement ng mga utang ng isang pasyente ay kabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

    a. Isang tumpak na buod ng mga serbisyo ng ospital na sinasaklaw ng statement;

    b. Mga singilin para sa mga nabanggit na serbisyo;

    c. Halagang kailangang bayaran ng (Mga) Responsableng Indibidwal (o, kung hindi pa

natutukoy ang nabanggit na halaga, isang pagtataya ng naturang halaga para sa petsa ng unang statement); at

d. Isang malinaw na nakasulat na abiso na nag-aabiso at nagpapabatid sa (Mga) Responsableng Indibidwal tungkol sa pagkakaroon ng pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP, kasama ang numero ng telepono ng departamento at direktang website address kung saan makakakuha ng mga kopya ng mga dokumento.

3. Maglalagay sa kahit isa lang sa mga statement na ipapadala sa pamamagitan ng koreo o email ng isang nakasulat sa abiso na nagpapabatid sa (Mga) Responsableng Indibidwal ng tungkol sa mga ECA na kailangang gawin kung hindi mag-a-apply ang (mga) nabanggit na Responsableng Indibidwal para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP, o kung hindi niya/nila babayaran ang kanya/kanilang utang bago ang deadline ng pagsingil. Dapat ibigay ang nabanggit na statement sa (Mga) Responsableng Indibidwal nang kahit 30 araw lang bago ang deadline na nakasaad sa statement. May isasamang isang simpleng nakasaling buod sa statement na ito. Obligasyon ng (Mga) Responsableng Indibidwal na magbigay ng wastong mailing address sa panahon ng serbisyo o pagkatapos niya/nilang lumipat. Kung walang wastong address ang isang utang, isasaad na mayroon nang ginawang "Makatuwirang Hakbang" para dito.

4. Bago masimulan ang anumang ECA, susubukang kausapin ang (Mga) Responsableng Indibidwal sa pamamagitan ng pagtawag sa huling alam na numero ng telepono, kung mayroon, nang kahit isang beses lang sa panahon ng pagpapadala ng mga statement sa pamamagitan ng koreo o email kung hindi pa rin mababayaran ang mga utang. Sa lahat ng pag-uusap, ipapabatid sa pasyente o (Mga) Responsableng Indibidwal ang tungkol sa pinansyal na tulong na maaari niya/nilang magamit sa ilalim ng FAP.

5. Alinsunod sa mga probisyon ng patakarang ito, maaaring isagawa ng isang YNHHS Hospital ang ECA na nakalista sa Kalakip 2 ng Patakarang ito upang makapaningil para sa mga serbisyong medikal na ibinigay nito.

VI. Pagiging Available ng Patakaran

Makakakita ng mga kopya ng FAP, isang kopya ng simpleng nakasaling buod ng FAP at aplikasyon para sa FAP sa https://www.ynhhs.org/billing-insurance.aspx.

Kapag hiniling, magbibigay ang bawat Ospital ng mga libreng kopya ng FAP, isang simpleng nakasaling buod ng FAP at aplikasyon para FAP sa pamamagitan ng koreo, o sa Hospital Emergency Department at lahat ng lugar ng pagpaparehistro nang nasa wikang Ingles at pangunahing wika ng anumang populasyon na hindi masyadong bihasa sa Ingles na bumubuo sa mas mababa sa 1,000 na mga indibidwal o 5% o higit pa ng populasyong pinagseserbisyuhan ng Ospital. Tingnan ang Kalakip 3 upang makakita ng listahan ng mga wika.

Makipag-ugnayan sa toll-free na numero ng Corporate Business Services sa (855) 547-4584 upang makakuha ng impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado o mga programang magagamit mo, humingi ng kopya ng FAP, simpleng nakasaling buod ng FAP, form ng aplikasyon sa FAP, o

Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta, o kung kailangan mo ng kopya ng FAP, isang simpleng nakasaling buod, o kung gusto mong ipasalin ang form ng aplikasyon sa FAP sa wikang maliban sa Ingles. Bukod pa rito, maaaring magtanong ang mga pasyente sa Patient Registration, Patient Financial Services at Social Work/Case Management tungkol sa pagsimula sa proseso ng aplikasyon sa FAP.

Kasama sa mga karagdagang hakbang upang lubos na ipabatid ang FAP ang paglalathala ng mga abiso sa mga regular na pahayagan; pagbibigay ng nakasulat na abiso ng FAP sa lahat ng billing statement; pasalitang pagpapahayag ng abiso ng FAP sa mga pasyente tungkol sa halagang hindi pa nababayaran; at pagdadaos ng mga open house at iba pang hindi pormal na pagpupulong.

VII. Komite sa Pagsubaybay ng Pamamahala

Ang FAP ay susubaybayan ng isang komite sa pagsubaybay ng pamamahala na pangungunahan ng Senior Vice President, YNHHS at mga kinatawan mula sa Corporate Business Services, serbisyong pampinansyal para sa pasyente, ugnayan sa pasyente, pananalapi, at medikal na kawani, kung kinakailangan. Magpupulong ang komiteng ito kada apat na buwan.

VIII. Pagsunod sa Batas ng Estado

Dapat sumunod ang bawat Ospital sa mga may kaugnayang batas ng Estado, kasama, nang walang limitasyon, ang Mga Pangkalahatang Batas ng Connecticut na namamahala sa Mga Pagsingil ng Mga Ospital mula sa Mga Pasyenteng Walang Insurance at *Statewide Standard for the Provision of Charity Care (Pamantayan para sa Probisyon ng Libreng Pangangalaga sa Buong Estado)* ng Rhode Island na nakatakda sa Seksyon 11.3 ng Mga Panuntunan at Regulasyon sa Kalusugan Patungkol sa Mga Conversion ng Ospital ng Department of Health ng Rhode Island (ang "Mga Regulasyon ng RI") at ang *Statewide Standard for the Provision of Uncompensated Care (Pamantayan para sa Probisyon ng Walang Bayad na Pangangalaga sa Buong Estado)* na nakatakda sa Seksyon 11.4 ng Mga Regulasyon ng RI.

MGA SANGGUNIAN

Internal Revenue Code 501(c)(3)
Internal Revenue Code 501(r)
Conn. Gen. Stat. § 19a-673 et seq.
Mga Regulasyon ng RI 11.3 at 11.4

MGA KAUGNAY NA PATAKARAN

Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta ng YNHHS
Patakaran sa EMTALA ng YNHHS : Medikal na Pagsusuri/Pagpapanatag, On-Call at Paglilipat
Patakaran ng Yale-New Haven Hospital – Pamamahagi ng Mga Pondo para sa Libreng Pangangalaga NC:F-2
Mga Patakaran at Pamamaraan ng Greenwich Hospital Outpatient Center

Kalakip 1

250% at 550% ng Federal Poverty Guidelines (FPG)

	Laki ng Pamilya	100%	250%	550%	
	1	$ 12,140	$ 30,350	$ 66,770	
	2	$ 16,460	$ 41,150	$ 90,530	
	3	$ 20,780	$ 51,950	$ 114,290	
	4	$ 25,100	$ 62,750	$ 138,050	
	5	$ 29,420	$ 73,550	$ 161,810	
	6	$ 33,740	$ 84,350	$ 185,570	
	Libreng Pangangalaga: Magdagdag ng $10,800 para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya				
	Pinamurang Pangangalaga: Magdagdag ng $23,760 para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya				

Mga Halagang Karaniwang Sinisingil [Amounts Generally Billed (AGB)]

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito ay makakatanggap ng tulong alinsunod sa sumusunod:

Lahat ng YNHHS Hospital:

Taunang Kita ng Pamilya	Halaga ng Diskwento % ng Mga Singilin	Babayarang % ng Mga Singilin ng Pasyente
< o = 250% FPG	100%	0
> 250% - 550% FPG	70%	30%

**AGB para sa taon sa kalendaryo 2018 (% ng mga singilin): BH 30.4%, GH 31.6%, LMH 38.7%, YNHH 32.6% at WH 30.9%*

Binago: Marso 21, 2018

Kalakip 2

MGA HINDI PANGKARANIWANG PAGSINGIL

Mga Property Lien

Pinahihintulutan lang ang mga lien sa mga personal na tirahan kung:

a) Nagkaroon na ng pagkakataon ang pasyente na mag-apply para sa mga libreng bed fund, at siya ay hindi nakatugon, tumangging tumugon, o napag-alamang hindi kwalipikado para sa mga naturang pondo;

b) Hindi nag-apply o naging kwalipikado ang pasyente para sa ibang pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Ospital para sa pagbayad ng kanyang utang, o kung naging kwalipikado na siya para sa kaunting tulong, ngunit hindi pa niya binabayaran ang kanyang bahagi;

c) Hindi pa nasubukan ng pasyente na gumawa ng kasunduan sa pagbayad o wala pa siyang sinasang-ayunang ganito, o hindi siya sumusunod sa mga kasunduan sa pagbabayad na nasang-ayunan na niya at ng Ospital;

d) Lalampas sa $10,000 ang mga balanse ng utang, at humigit-kumulang $300,000 ang inaasahang halaga ng (mga) ari-ariang bibigyan ng lien; at

e) Hindi magreresulta ang lien sa foreclosure ng isang personal na tirahan.

Kalakip 3

Mga Wika para sa Mga Hindi Masyadong Bihasa sa Ingles

Albanian
Arabic
Simplified Chinese
French
French Creole (Haitian Creole)
German
Greek
Hindi
Italian
Japanese
Korean
Pashto
Persian Dari
Persian Farsi
Polish
Portuguese
Portuguese Creole (Cape Verdean)
Russian
Spanish
Swahili
Tagalog
Tigrinya
Turkish
Vietnamese